# Anak ng Baha!

## Mga Tulang Pambata

1. Anak ng Baha
2. Dalangin ng Bata
3. Sa Malabon
4. May Pasok
5. Kurikong
6. Sa Tuktok ng Mundo
7. Mula sa Taas
8. Mula sa Baba
9. Ang Mapa ng Bayan
10. Tuyo na ang Lupa

1.Anak ng Baha!

Walang kaliskis
ang anak ng baha!
Sa halip may galis;
Kinakamot sa paa.

Walang palikpik
ang anak ng tubig!
mga binti, mayroon;
Babad, nakalusong.

Walang hasang,
anak ng pag-apaw!
Buntong-hininga lang,
Malalim at mababaw.

Ngunit, matinik
ang anak ng haytayd!
Kung tubig, abot-dibdib,
Ay! Papasan kay tatay!

2. Dalangin ng Bata

Pakiusap, daga
kung iihi,isa-isa.
aapaw ang baha,
kung sabay ang barkada.

Kung maaari, ulap
pigilin ang iyak,
labis mong kalungkutan,
umaagos sa daan.

Baka naman, buwan
Sa hila, magdahan-dahan,
Ang akala mong yakap
Malala ritong haytayd.

Sana po, ale’t mama
Ibulsa muna’ng kalat,
Ang tinapon, bumabara,
Sa kanal, sumasambulat.

Dasal ko sa’yo langit,
Kung aangat ang tubig,
Pahabain aking binti,
Agad ako ay lumaki.

3. Sa Malabon

apaw, tagas,
salok, limas,
salin, ipon,
Hagis, tapon!

salok, limas,
salin, ipon,
Hagis, tapon,
apaw, tagas!

salin, ipon,
Hagis, tapon,
apaw, tagas,
salok, limas!

Hagis, tapon,
salin, ipon,
Limas, limas,
Tubig, tagas!

4. May Pasok

Kahit anong lalalim,
Hahakbang, lulundag,
Sa gawa-gawang tulay, tatawid
Sa bangka, sasakay;
Magsasagwan, lulusong,

kung kinakailangan, lalangoy,
magpapalutang-lutang,
Sa alon, sasabay,
sasakay,
Sa lalim, sisisid
basta't makaaahon
Hinding-hindi palulunod,
Dahil may pasok.

4. Kurikong *(Sa himig ng Pamulinawen)*

Kurikong namin,
Saan ka nanggaling?
'Pag kinamot mo,
lalong dumarami
'Pag binilang mo,
Wan tawsan wan handred!
O kurikong,
kailan ka gagaling?

Ikaw baha sa'min,
Kailan ka liliit?
Kapag nililimas,
Bumabalik-balik.
Kapag sobrang taas,
Kala mo'y may swimming.
Baha, hay naku!
Kailan ka titigil?

5. Sa Tuktok ng Mundo

Iniaangat ni tatay,
mahahalagang bagay
para 'di anurin ng baha-
aming TV, halimbawa, nilalagyan ng paa.
Ang ref namin, pinatitingkayad niya.
Isinisilid, paboritong damit sa pinakamataas na lalagyan,
kalakip ang aking gamit sa paaralan.

Kulang na lang, ilagak sa bubungan
koral ng kanyang panabong
huwag lamang mabasa.

Samantala, kami ni nanay,
Ipapanhik sa ulap-
Wala mang pakpak,
ni hindi makalipad,
ipapasan niya sa balikat.

## 6. Mula sa Taas

Tanaw kong lulutang-lutang,

supot ng sitsirya plastik na laruan balat ng kendi

inanod na gurame tae ng aso basong styro

Kapares ng tsinelas tablang magaan basyong bote

retasong tela aking mga kaibigan.

## 7. Mula sa Baba

Tinitingala ko,
Dagdag na hakbang
sa tumaas ninyong pintuan,
ang kuminis na pader,
at lumaki ninyong bintana,
ang ekstrang palapag
tungo sa bago ninyong rooftop-
Naroon ka,
sa amin nakatanaw.

9. Ang Mapa ng Bayan

Dahil sabi sa balita,
mabubura kami sa mapa-
ang eskuwela, ang palengke,
ang simbahan, ang parke,
ang suking tindahan,
ang tabi-tabing poste,
aming silong: ang sahig,
ang papag, ang bubong-
Lahat, iguguhit ko sa aking binti.
Madiin at paulit-ulit
nang hindi mawala
ang aming bayan
dahil sa baha.
Doon, sa tabi ng mga peklat,
ko ituturo sa lahat:
Narito kami!
Narito kami!
Narito kami!

10. Tuyo na ang lupa!

Mula sa bubong, lumundag ang pusa.
Pabalik sa lungga, karipas ang daga.
Sa singit-singit lumusot ang ipis, dahil wala na'ng baha.

Sa daan, tumpok-tumpok ang winalis-walis na kalat
Kasama ang inanod-anod, ang nawawalang gamit
Lumilitaw lahat, sa oras ng paghupa.

Sa silong, inaahon,
sa araw, binibilad, nababad na damit, nalubog na gamit
Hanggang makabalik, alimuom sa langit.

At kaming nagsilikas; si nanay, si tatay,
Si ate, si kuya, kasama si bantay,
Sa wakas pauwi na, dahil tuyo na ang lupa.